**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
LALAWIGAN NG LAGUNA
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-15 NG MAYO, 2017 SA GANAP NA IKA-11:13 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PERCIVAL L. JAVIER | ---------------- | Pangulo-LNB |

## KAPASIYAHAN BLG. 27 (A) T. 2017

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA, KGG. EMMANUEL T. PIÑOL SA PAMAMAGITAN NI KGG. JUAN MIGUEL F. ZUBIRI, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG HALAGANG SAMPUNG MILYONG (P 10,000,000.00) PISO UPANG ILAAN SA PAGPAPAGAWA NG "FARM TO MARKET ROAD" SA BARANGAY CONCEPCION, LUMBAN, LAGUNA.**

**Akda ni Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT,** ang mga kasalukuyang daanan sa Barangay Concepcion bayan ng Lumban, Laguna ay lubhang nagpuputik lalo't higit kung panahon ng tag-ulan na siyang dahilan kung kaya nahihirapan dumaan ang mga sasakyan at siya ring dahilan ng pagka-bulok at pagka- antala ng paghahatid ng mga inaning gulay at prutas ng mga magsasaka mula sa sakahan patungong pamilihang bayan;

**SAPAGKAT,** ang mga mamamayan lalo't higit ang mga batang mag-aaral at mga nag-tatrabaho ay doon dumadaan kaya kinakailangan na makongkreto ang daan nang sa gayon ay mabango at malinis silang makarating sa eskwelahan o pinagta-trabahuhan;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Bayan na maisulong ang agrikultura ng bayan at maiangat ang kabuhayan ng mga mamamayan subalit limitado ang kakayahang pinansiyal ng kabang bayan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan nina Kgg. Romelio E. Ladub at Kgg. Pedro S. Abe at sinang-ayunan ng lahat nang nagsidalo, ay;

**IPINASIYA**, tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA**, na mapitagang humiling sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, Kgg. Emmanuel T. Piñol. sa pamamagitan ni Kgg. Juan Miguel F. Zubiri, Senador ng Republika ng Pilipinas na mapagkalooban ang pamahalaang bayan ng halagang sampung milyong **(P10,000,000.00)** piso upang ilaan sa pagpapagawa ng "**FARM to MARKET ROAD**" sa Barangay Concepcion, Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN**, ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa Tanggapan ng Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, Kgg. Emmanuel T. Pinol at sa Tanggapan ni Kgg. Juan Miguel F. Zubiri, Senador ng Republika ng Pilipinas para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-15 ng Mayo, 2017

**PINATUTUNAYAN KO ANG KAWASTUAN AT KATUMPAKAN NG KAPASIYAHANG ITO.**

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*xcrpt051517res27A*